


Mother Tongue-Based Multilingual Education

Unang Markahan – Modyul 9:
Tula at mga Tayutay



**Mother Tongue-Based Multilingual Education – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 9: Tula at mga Tayutay
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Jurica G. Respuesto, Hazel Jane A. Villegas, Maricel D. Cabasaan

Editor: Chomadith Loian Hechanova, Jesusa P. Ambrona, Lourdes C. Manlapus

Tagasuri: Grace L. Completo, Vicente A. Pines Jr., Bryan Ephraem E. Miguel,
Lynneth B. Baptista, Jesyl F. Avanceña, Christopher U. Gonzales,
Zimrose R Pedrera, Ana Lorma A. Dahiroc

Tagaguhit: Deodito C. Curaza Jr.

Tagalapat: Hazel Jane A. Villegas

Tagapamahala: Allan G. Farnazo

Winnie E. Batoon

Mary Jeanne B. Aldeguer

Chona M. Calatrava

Analiza C. Almazan

Teresita E. Helgason

Ma. Cielo D. Estrada

Jesusa P. Ambrona

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: regionxi@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Mother Tongue-Based Multilingual Education

Unang Markahan – Modyul 9:
Tula at mga Tayutay

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Kumusta? Halika at sabay nating alamin ang nilalaman ng modyul na may pamagat na Tula at mga Tayutay.

Dinisenyo at isinulat ang modyul na isinaalang-alang ang antas ng iyong kakayahan. Gamit ito, matutunan mong kilalanin ang tatlong uri ng tayutay at kung paano bibigyang kahulugan ang mga tulang iyong mababasa.

Ang modyul ay nahahati sa dalawang aralin:

- Aralin 1 – Mga Tayutay: Kilalanin!
- Aralin 2 - Kahulugan ng Tula: Alamin!

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- nakikilala ang mga pagwawangis o metapora (metaphor), pagsasatao o personipikasyon (personification), at eksaherasyon o pagmamalabis (hyperbole) sa pangungusap.
- naibibigay ang kahulugan ng tula.



Mga Tala para sa Guro

Upang ikaw ay maging matagumpay sa paggamit ng modyul na ito, huwag kalimutang basahin ang bawat panuto na makikita sa mga gawain sa modyul.



Subukin

A. Punan ng wastong salita mula sa kahon ang bawat patlang upang mabuo ang diwa ng mga pangungusap. Isulat ito sa iyong papel o sa kuwaderno.


dumadagundong
nyebe

nakatutulo laway
ulap

diyamante
dahon

1. Ang aming ulam ngayon ay adobong _____.
2. Nangingislap na _____ ang kanyang mga mata.
3. Malakas ang tinig ng aming kapitbahay. _____ sa lakas ang kanyang boses.
4. _____ sa puti ang kanyang mga kutis.
5. Nagsayawan ang mga _____ ng puno sa lakas ng hangin.

B. Basahing mabuti ang tula at sagutin ang mga tanong na kasunod nito. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.



Ang Ating Pananalita
ni: Maricel D. Cabasaan

Tanggapin at mahalín natin,
pananalítang bigay sa atin.
Gamitin at ating pagyamanin,
nang 'di makalimutan,
biyayang ating nakamtan.

Sagutin:

1. Ano ang pinag-usapan sa tula?
2. Ilang taludtod ang ginawang tula?
3. Ano ang ginagamit na sukat ng tula?
4. Ano-anong salita ang magkatugma sa huli?
5. Bakit kailangang pagyamanin at gamitin ang ating mga pananalita?

Aralin

1

Tayutay: Kilalanin!

May mga pangugusap na kung iyong babasahin ay maganda pakinggan. Subalit, ito ay sadyang malayo sa karaniwang gamit ng mga salita. Ginagawa ito upang maging mabisa, matalinghaga, makulay at kaakit-akit ang pagpapahayag. Alam mo ba kung ano ang tawag sa mga salitang ito? Ang mga ito ay tinatawag na **tayutay**.

Handa ka na ba? Alamin natin at unawain sa modyul na ito ang tatlong uri ng tayutay. Tara na!

Ngunit bago tayo dumako sa panibagong aralin, balikan muna natin ang natutunan mo sa nakaraang modyul.



Balikan

Piliin at isulat sa sagutang papel o sa kuwaderno ang angkop na di-kongkretong pangngalan, upang mabuo ang diwa ng pangungusap.

1. Ang mga bata ay (nagalit, umayon) dahil hindi sila puwedeng lumabas para makapaglaro.
2. Sinabi ni Leon na siya ay (kumain, umibig) kay Shiela.
3. Sinayang nila ang kanilang (pagkakaibigan, paglalakbay), nag-aaway ng dahil lang sa pera.




Tuklasin

Basahing mabuti ang kuwento at bigyang pansin ang mga pangungusap na may salungguhit.

Bakasyon sa Bukid
ni: Hazel Jane A. Villegas



Ako nga pala si Athena, walong taong-gulang at nasa ikatlong baitang ng Mababang Paaralan ng Peñaplata Sentral. Magmula ng inanunsyo na suspendido ang klase dahil sa pandemyang ating kinakaharap, umuwi ang aking pamilya sa probinsiya at doon kami sa aming bukirin namalagi.




Magkaibang mga gawain ang nakaatang sa aming magkakapatid. Isang kalabaw si Kuya sa bukid sa kagustuhang tulungan ang aming Tatay. Nagtulungan sila sa pag-ani ng higanteng mga halaman upang kami ay may makain at maibenta sa palengke. Isang pagong naman ang nakababata kong kapatid sa paglilinis ng aming bahay. Samantala, gabundok na hugasin ang aking kinaabalahan upang matulungan si Nanay.





Twing hapon, napapansin kong sumasayaw ang mga dahon ng mga puno sa pag-ihip ng hangin. Tuwang-tuwa kami pagsapit ng takipsilim. Sabay naming pinagmamasdan ang pagtatago ng buwan sa likod ng malaking ulap.



Masaya ang bawat araw namin sa bukid. Kahit may pandemya basta kami ay sama-sama lahat ay makakaya.

Sagutin ang bawat tanong. Isulat sa iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Tungkol saan ang kuwento?
2. Sino ang tagapagsalaysay sa kuwento?
3. Saan iwinangis si kuya?
4. Saan iwinangis ng tagapagsalaysay ang kanyang sarili?
5. Ano-ano pang pagwawangis ang ginamit sa kuwento?



Suriin

Basahin at isa-isa nating suriin ang mga pangungusap mula sa kuwento.


1. Isang kalabaw si Kuya sa bukid sa kagustuhang tulungan ang aming Tatay.
2. Nagtulungan sila sa pag-ani ng higanteng mga halaman upang kami ay may makain at maibenta sa palengke.
3. Isang pagong naman ang nakababata kong kapatid sa paglilinis ng aming bahay.
4. Gabundok na hugasin ang aking kinaaabalahan upang matulungan si Inay.
5. Nagsasayawan ang mga dahon ng mga puno sa pag-ihip ng hangin.
6. Sabay naming pinagmamasdan ang pagtatago ng buwan sa likod ng malaking ulap.

Paano inilarawan ang mga tao, bagay at hayop sa bawat pangungusap? Anong anyo ng pananalita ang ginamit?

- Sa pangungusap 1 at 3, makikita na inihahambing ang mga tao sa katangian ng mga hayop. Si Kuya ay inihahambing sa katangian ng isang kalabaw na pagiging masipag.

Samantalang inihahambing naman sa katangian na pagiging mabagal ng isang pagong ang nakakabatang kapatid.

- Sa pangungusap 2 at 4, mapapansin mo naman na labis - labis ang paglalarawan sa gawain at ito ay malayo sa katotohanan. Ang pag-ani nila ng higanteng mga halaman at paghuhugas ng gabundok na hugasin ay nagpapakita ng eksaherasyon o kalabisan ng pangyayari.
- Sa pangungusap 5 at 6, binibigyan naman ng buhay ang mga walang buhay na bagay. Gaya na lamang ng pagsabing nagsasayawan ang mga dahon ng puno sa ihip ng hangin at ang pagtatago ng buwan sa likod ng ulap.
- Alam mo ba kung ano ang tawag sa paraan ng paglalarawan ng mga tao, bagay at hayop sa pangungusap?
- Ang paglalarawan na ginamit sa mga pangungusap ay tinatawag na metapora o pagwawangis, personipikasyon o pagsasatao at eksaherasyon. Tinawag itong mga tayutay.



Tandaan

Ang **metapora** o **pagwawangis** (metaphor) ay anyo ng pananalita, kung saan ang mga tao o bagay ay inihahambing o iwinangis sa ibang bagay na hindi ginagamitan ng sing- o tulad ng-.

Halimbawa:

1. Isang kalabaw si Kuya sa bukid sa kagustuhang tulungan ang aming Tatay.
2. Isang pagong naman ang nakababata kong kapatid sa paglilinis ng aming bahay.

Ang **personipikasyon** o **pagsasatao** (personification) ay mga salitang kilos, talino at katangian ng tao na isinalin at ipinapagawa sa mga hindi tao sa pamamagitan ng paggamit ng salitang nagsasaad ng kilos o gawa.

Halimbawa:

1. Nagsasayawan ang mga dahon ng mga puno sa pag-ihip ng hangin.
2. Pagtatago ng buwan sa likod ng malaking ulap.

Ang **eksaherasyon** o **pagmamalabis** (hyperbole) ay isang anyo ng pananalita na nagpapahayag ng pagmamalabis o pagpapasidhi sa kalabisan o kakulangan ng isang tao, bagay, pangyayari, kaisipan, damdamin at iba pang katangian, kalagayan o katayuan.

Halimbawa:

1. Nagtulungan sila sa pag-ani ng higanteng mga halaman.
2. Gabundok na hugasin ang aking kinaaabalahan upang matulungan si Nanay.



Pagyamanin

Basahin ang bawat pangungusap at kilalanin kung anong uri ng tayutay ang ginamit. Isulat ang **M**, kung ito ay metapora o pagwawangis, **P** naman kung ito ay personipikasyon o pagsasatao at **E**, kung ito ay eksaherasyon o pagmamalabis. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Perlas sa puti ang kanyang ngipin.
2. Nilamon ng kadiliman ang kalupaan.
3. Maghapong lumuluha ang mga ulap.
4. Namuti ang buhok ni Carlo sa kahihintay sa kanyang kaibigan.
5. Pasan-pasan ko ang daigdaig magmula ng mamatay ang aking mga magulang.



Isaisip

Basahin at tukuyin kung anong uri ng tayutay ang nakasaad sa bawat pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

____ 1. Ito ay anyo ng pananalita na lubhang pinalalabis o pinakukulang ang katunayan at kalagayan ng tao, bagay at pangyayari.

____ 2. Ang mga kilos, talino at katangian ng tao ay isinalin at ipinapagawa sa mga hindi tao sa pamamagitan ng paggamit ng kilos o gawa.

____ 3. Ito ay anyo ng pananalita na ginagamit sa paghahambing ng tao o bagay ngunit hindi na ginagamitan ng mga salitang; kagaya, tulad, sing at iba pa.



Isagawa

Ilarawan ang sumusunod na mga salita sa ibaba gamit ang pagwawangis, pagsasatao at pagmamalabis. Isulat ang mabubuong pangungusap sa papel o sa kuwaderno.

1. lumipad na agila

2. eroplano sa alapaap


3. galit na babae/lalaki

Aralin

2

Kahulugan ng Tula: Alamin!

Mahilig ka bang magbasa ng mga tula? Bakit kaya mahalagang pag-aralan natin ang kahulugan nito? Tara at sabay nating alamin ang kahalagahan nito.



Balikan

Naalala mo pa ba ang mga uri ng tayutay na ating tinalakay sa nakaraang aralin? Sumulat ng tatlong pangungusap gamit ang tatlong uri ng tayutay. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.



Tuklasin

Basahin ang tula upang malaman kung paano inilarawan ang kaibigan. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

Aking Kaibigan!
ni: JPA

Bawat bata kailangan ng kalaro,
kausap at mag-aaruga nang puro.
Sa paligid maraming mga batang nag-iingayan,
naglalaro, naglalambingan, naghahalakhakan.

Tuwang walang paglagyan ng mumunting magkakaibigan,
ako man kasali sa kanila, kasama aking kaibigan.
Kaibigan kong tuwi-tuwina'y kadikit, kasangga,
anuman aking ginagawa,
mahal ko aking kaibigan, kapatid ang turingan.

Diyamante kung maturingan aming pagmamahalan.
Kambal-tuko kung tawagin, kaibigan kong mahal sa akin
Katulad ng mga sanga ng kahoy,
Ngumingiti, kumakaway palagi, parang sa hangin iniugoy.

Matatag aming samahan, pader kung pamarisan,
Lantay ginto aming pagdadamayan at pagsasamahan
Walang makakahadlang anumang mangyayari'y walang iwanan
Tunay kong kaibigan, matapat at maaasahan.

Sagutin:

1. Mayroon ka bang kaibigan?
2. Paano mo siya ipakikilala?
3. Maihalintulad mo ba sa mga bagay na makikita sa ating paligid ang iyong kaibigan? Sa anong bagay?



Suriin

Ang **tula** ay isang anyo ng sining o panitikan na nagpapahayag ng damdamin ng tao. Ito ay binubuo ng **taludtod** at **saknong**. May mga tula na may **sukat** at **tugma** at mayroon ding mga tula na malaya ang taludturan.

- ✓ Taludtod - isang linya ng mga salita sa tula.

Halimbawa:

Bawat bata kailangan ng kalaro,

- ✓ Saknong - grupo ng mga taludtod.

Halimbawa:

Bawat bata kailangan ng kalaro,
kausap at mag-aaruga nang puro.
Sa paligid maraming mga batang nag-iingayan,
Naglalaro, naglalambingan, naghahalakhakan.

- ✓ Sukat - tumutukoy sa bilang ng pantig ng bawat taludtud.

Halimbawa:

Sa/lu/bu/ngin/ at/ ma/ha/lin/ na/tin/ - 10
Pa/na/na/li/tang/ bi/gay/ sa/ a/tin/ - 10
Ga/mi/tin/ at/ a/ting/ pag/ya/ma/nin/ - 10
U/pang/ hin/di/ ma/ka/li/li/mu/tan/ - 10
ang/ bi/ya/yang/ a/ting/ na/ka/kam/tan/ - 10


→ May tig-sampung pantig ang bawat taludtod ng buong saknong ng tula.

- ✓ Tugma - pagkakapareho ng tunog sa huling bahagi ng isang taludtod.

Halimbawa:

Salubungin at mahalín natin
Pananalitang bigay sa atin

→ Pansinin ang mga huling salita sa bawat taludtod ng tula, magkasingtunog ang dalawa at ito ay nagbibigay sa tula ng himig o indayog.



Tandaan

Sa pagbibigay ng kahulugan ng **tula** dapat nating tandaan at isaalang-alang ang mahahalagang elemento ng tula. Ito ay ang mga saknong, taludtud, sukat at tugma.



Pagyamanin

Ibigay ang kahulugan ng tula. Basahin at suriin ang sumusunod na taludtod mula sa tula.

- Bawat bata kailangan ng kalaro, kausap at mag-aaruga nang puro.
- Diyamante kung maturingan aming pagmamahalan.
- Kaibigan kong tuwi-tuwina'y kadikit, kasangga.
- Tuwang walang paglagayan ng mumunting magkakaibigan.
- Kambal-tuko kung tawagin, kaibigan kong mahal sa akin.

Sagutin ang mga katanungan at isulat ito sa papel o sa kuwaderno.

1. Ano-anong bagay ang ginamit sa tula upang ilarawan ang isang kaibigan?
2. Puwede bang ihambing ang tao sa bagay?
3. Magkapareho ba ang katangian ng tao at bagay?
4. Ano ang tawag sa anyo ng pananalita na ang tao o bagay ay inihahambing o iwinawangis sa ibang bagay na hindi ginagamitan ng sing- o tulad ng-?
5. Ano-anong salita ang ginagamit sa paghahambing?



Isaisip

Paano ginagawa ang tula?

_____.

Bakit mahalaga na mabigyang kahulugan ang tula?

_____.



Isagawa

Piliin sa loob ng kahon ang wastong salita para mabigyan ng kahulugan ang tula. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

tamis

sandalan

kaligayahan

maligaya

didibdibin

hapdi

Walang kapantay ang aking _____,

Nang dumating ka'y ngiting kay _____

namutawi sa iyong labi.

Ginawa mong _____ likod ko aking kaibigan.

Maging _____ ka, kahit minsa'y suko na,

Sa pagsubok na dumating, huwag lang _____.




Tayahin

Bigkasin ang tula nang may tamang lakas, intonasyon at ekspresyon.

Ako ay may Alaga

ni: JPA



Isang araw, may isang pusang ligaw,
balahibong puti parang bulak kapag gumalaw.
Ako'y naawa sa kuting, kaya siya'y pinakain,
puting pusang nasilayan, aking inalagaan.

Dahil sa awa ko sa kanyang kalagayan,
ginamot ko kanyang katawang sugatan.
Puting kuting tila masakitin, kaya kong gamutin,
inalagaan, pinakain at kalauna'y aking
inangkin.

A. Basahin ang mga tanong at isulat ang titik ng iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Tungkol saan ang tula?
 - a. aso
 - b. pusa
 - c. manok
 - d. kambing
2. Paano mo ilalarawan ang pusa ayon sa tula?
 - a. Isang ligaw na pusa.
 - b. Isang puti at masakiting pusa.
 - c. Munting pusa na nagbibigay saya.
 - d. Pinakain, inalagaan, at aking inangkin.

3. Anong linya sa tula ang nagpahiwatig na maganda ang kanyang alaga?
 - a. unang linya
 - b. ikatlong linya
 - c. ikalawang linya
 - d. ikaapat na linya

4. Aling linya ang nagsasaad na inalagaan ang puting pusa?
 - a. ikalawa at ikatlong linya
 - b. ikatlo at ikaapat na linya
 - c. ikaapat at ikalimang linya
 - d. ikaanim at ikapitong linya

5. Ano sa palagay mo ang katangian ng batang nag-aalaga sa ligaw na pusa?
 - a. maawain at matulungin
 - b. maalaga at mapagmahal
 - c. maunawain at malambing
 - d. tama lahat ng sagot sa itaas

B. Tukuyin kung anong uri ng tayutay ang ginamit sa bawat pangugusap. Piliin ang sagot sa kahon sa ibaba. Isulat ang titik ng wastong sagot sa papel o kuwaderno.

a. pagwawangis b. pagsasatao c. pagmamalabis

1. Humalakhak ang musika sa saliw ng aking gitara.
2. Isang ibong naghahanap ng kalayaan si Eugene.
3. Sumayaw ang mga puno pagkatapos bulungan ng hangin.
4. Nabiyak ang kanyang dibdib sa pagkamatay ng alagang aso.
5. Ang ina ni Joshua ay bituing tanglaw niya sa landas ng buhay.

Gawain C

Basahin ang bawat pangungusap. Pangkatin at ilagay ito sa wastong kolum batay sa kung anong uri ng tayutay ang ginamit dito. Gawin ito sa malinis na papel o kuwaderno.

Pagwawangis	Pagsasatao	Pagmamalabis

1. Abot langit ang tuwa ni Miguel nang siya ay mapabilang sa mga mag-aaral na may karangalan sa pagtatapos niya sa ikatlong baitang.
2. Kumindat ang mga bituin sa langit ng ito ay aking pagmasdan.
3. Umulan ng dolyar sa bahay ng aking kaibigan ng dumating ang kanyang ama na isang **seaman**.
4. Isang ahas ang tinuturing niyang matalik na kaibigan.
5. Lumuhod ang mga puno ng kawayan sa lakas ng ihip ng hangin dulot ng bagyo.



Karagdagang Gawain

Gawain A

Isaayos ang mga salita sa ibaba upang maging halimbawa ito ng Pagwawangis, Pagsasatao at Eksaherasyon. Isulat ito sa papel o kuwaderno.

1. Bakal sa tigas, Manny Pacquiao, ang kamao ni
2. ang tainga, Nabutas, ni Kokoy, dahil sa ingay,
3. sa dalaga, Ngumiti, ang haring araw

Gawain B

Gumawa ng tigdadalawang sariling pangungusap na halimbawa ng Pagwawangis, Pagsasatao, at Eksaherasyon. Isulat ito sa papel o kuwaderno.

Gawain C

Basahin ang tula nang may wastong kalakasan, intonasyon at ekspresyon. Isulat ang kahulugan nito sa papel o sa kuwaderno.

Dakilang Diyos at Panginoon
ni: Maricel D. Cabasaan

Dakilang Diyos at Panginoon,
Ikaw ay makapangyarihan.
Nag-uumapaw ang Iyong kabutihan,
Ikaw ang nagpatawad sa aming mga kasalanan.

Karapat-dapat Kang purihin,
ng lahat dito sa sanlibutan.
O aming dakilang Tagapaglikha,
kami ay Iyong pinagpala.

Ang lahat ay lilipas,
sa tamang panahon at oras.
Doon sa kaharian,
lugar na Iyong pinaghandaan.

Minsa'y puno ng kagipitan at kahirapan,
ngunit walang imposible at kadahilanan.
Ang hindi manalig sa Iyo magpakailanman,
sa Iyong mga kamay, ang aming mga buhay nakasalalay.



Susi sa Pagwawasto

<p>Isaisip</p> <p>Maaring magkaiba ang mga sagot.</p> <p>Isagawa</p> <ul style="list-style-type: none"> • kaligayahan • tamis • sandalan • maligaya • dildilin 	<p>Pagyma</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Diyamante 2. Oo 3. Hindi 4. Metapora 5. Maaring magkaiba ang mga sagot. 	<p>Balikan</p> <p>Maaring magkaiba ang mga sagot.</p> <p>Tukasin</p> <p>Maaring magkaiba ang mga sagot.</p>
---	---	---

Aralin 2

<p>Isaisip</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Eksaherasyon 2. Personalikasyon 3. Metapora <p>Isagawa</p> <p>Inasahan ang iba't ibang mga sagot.</p>	<p>Balikan</p> <p>Maaring magkaiba ang mga sagot.</p> <p>Pagyma</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. M 2. P 3. P 4. E 5. E 	<p>Subkin</p> <p>A</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. nakakatuho laway 2. diyamante 3. Dumadagundong 4. Nyebe 5. dahon <p>B</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ang Ating Pananalita 2. Ima (5) 3. sampu (10) 4. - natin, atin, pagyma 5. - makalilitan, nakakamtan, Upang hindi makalilitan ang biyayang ating nakakamtan
---	--	--

Aralin 1

Tayahin

Gawain B

1. b
2. a
3. b
4. c
5. a

Tayahin

Gawain A

1. b
2. a
3. c
4. c
5. a

Tayahin

Gawain C

Pagwawangis	Pagsasatao	Pagmamalabis
Isang ahas ang tinuturing niyang matalik na kaibigan.	Kumindat ang mga bituin sa langit ng ito ay aking pagmasdan.	Abot langit ang tuwa ni Miguel ng siya ay mapabilang muli sa mga mag-aaral na may karangalan sa pagtatapos niya sa ikatlong baitang.
Lumuhod ang mga puno ng kawayan sa lakas ng ihip ng hangin dulot ng bagyo.	Umalan ng dolyar sa bahay ng aking kaibigan ng dumating ang kanyang amang isang seaman.	

Karagdagang Gawain

Gawain A

1. Bakal sa tigas ang kamao ni Manny Pacquiao.
2. Nabutas ang talinga ni Kokoy dahil sa ingay.
3. Ngumiti ang haring araw sa dalaga.

Gawain B

Inasahan ang iba't ibang mga sagot.

Gawain C

Inasahan ang iba't ibang mga sagot.

Sanggunian

Curriculum Guide in Mother Tongue Based-MLE 3, p133.

DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines.

Final K to 12 Most Essential Learning Competencies (MELCs) with
Corresponding CG Codes in MTB-MLE Grade III Quarter 1.

DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines.

Bamba, Nelia D., Claire B. Barcelona, Gretel Laura M. Cadiong,
Franlyn R. Corporal, Florinda Dimansala, Lilibeth A. Magtang,
Victoria D. Mangaser, Florita R. Matic, Irene T. Pilapil, Grace
U. Rabales, Raquel C. Solis, and Arabella May Z. Soniega.

MTB-MLE Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog- Baitang 3):

Book Media Press, Inc., 2014, 58, 346, 369. *DepEd Complex,
Meralco Avenue, 1600 Pasig City, Philippines.*

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph